

Hunyo 26, 2020

(Binago noong Abril 16, 2021)

Immigration Services Agency of Japan

**Para sa mga permanent resident na nahihirapang makabalik sa Japan sa loob ng validity period ng re-entry permission dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19)** (Pagkatapos ng Abril 16, 2021)

Ang mga permanent resident na nahihirapang makabalik sa Japan sa loob ng validity period ng re-entry permission o special re-entry permission dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19) ay maaring muling makapasok sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan (\*1). Kaya mangyaring kumonsulta sa Embassy of Japan o sa Consulate General ng kung saan ka nananatili.

[1] Kung ang validity period ng iyong re-entry permission ay nag-expire na o nahihirapan kang makabalik sa loob ng validity period Maaring ma-extend ang validity period ng iyong re-entry permission sa Embassy of Japan o sa Consulate General kung saan ka nananatili.

Ang pinakamahabang panahong puwedeng i-extend ay isang taon mula sa expiration date ng validity period.

Kung ang validity period ng re-entry permission ay na-extend, mangyaring bumalik sa Japan sa loob ng bagong validity period. Kung hindi mo naipa-extend ito, mangyaring makapasok sa pamamagitan ng pamamaraang [2].

[2] Kung ang validity period ng special re-entry permission ay nag-expire (Kasama ang kaso kung saan hindi magawa ang pamamaraang [1]).

Naaangkop dito ang mga dayuhang nasyonal na ang re-entry permission o special re-entry permission ay nakatakdang mag-expire sa pagitan ng Enero 1, 2020 at ng **petsang** (\*3) **hiwalay na itinakda ng Agency na anim na buwan o higit pa** matapos ang araw (\*2) na tanggalin ang entry restrictions. (\*4)

Mangyaring mag-apply para sa “Long-Term Resident” sa Embassy of Japan o sa Consulate General kung saan ka nananatili nang hindi lalampas sa petsang hiwalay na itinakda ng Agency na anim na buwan o higit pa matapos ang araw na tanggalin ang entry restrictions.

Kapag na-isyu ang visa, maaari mong gawin ang mga kinakailangang hakbang upang makapasok na muli sa Japan bilang “Permanent Resident” sa airport ng Japan.

\*1 Kung hindi tinanggal ang entry restrictions sa bansa at rehiyon kung saan ikaw ay nananatili ay hindi ka maaring makapasok ng Japan kahit na ikaw ay sumailalim sa panukalang ito, maliban na lang kung may espesyal na pangyayari.

\*2 Ang araw kung kailan tinanggal ang entry restrictions ay ang ituturing na araw kung kailan parehong tinanggal ang denial of landing ng bansa o rehiyon kung saan ka nananatili at ang suspension ng validity ng visa na inisyu.

Mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Justice sa ibaba tungkol sa sitwason ng entry restrictions sa bawat bansa at rehiyon.

<http://www.moj.go.jp/isa/content/930005848.pdf>

\*3 Ang “[petsang hiwalay na itinakda ng Agency](#)” ay inaanunsyo sa website atbp. ng Agency humigit-kumulang tatlong buwan bago ng nasabing petsa.

\*4 Mangyaring tumigin [dito](#) hinggil sa saklaw ng validity period ng nasasakop na re-entry permit. Pagkatapos tanggalin ang entry restrictions, maaari kayong pumasok sa bansa hanggang sa petsang hiwalay na itinakda ng Agency. (Pinalawak ang saklaw ng panahon noong **Abril 16, 2021**.)

\*5 Mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Foreign Affairs sa ibaba para sa mga dokumentong kinakailangan para sa proseso ng [1] at [2].

[https://www.mofa.go.jp/about/emb\\_cons/mofaserv.html](https://www.mofa.go.jp/about/emb_cons/mofaserv.html)

\*6 Kapag ang isang dayuhang nasyonal na naaangkop sa panukalang ito ay hindi sumailalim sa panukalang ito at pumasok sa Japan bago ng petsang hiwalay na itinakda ng Agency na anim na buwan o higit pa mula sa araw na tinanggal ang entry restrictions sa pamamagitan ng katayuan ng pananatili na hindi “Permanent Resident”, maaaring mag-aplay para sa Permanent Residence Permit sa loob ng anim na buwan matapos pumasok sa Japan. Sa kasong iyon, mangyaring isumite ang application form para sa Permanent Residence Permit, Petisyon ([hiwalay na papel na sangguniang format 1](#)) at isang kopya ng dating Resident Card (xerox

copy) para sa pagsusuri. (Maaaring kailangang isumite ang iba pang mga dokumeto kung kailangan.)

Mangyaring tandaadn na kapag mag-aaplay sa Permanent Residence Permit pagkatapos ng anim na buwan matapos pumasok sa Japan, kakailanganing isumite ang mga patunay na dokumento tulad ng karaniwang pag-aaplay sa Permanent Residence Permit.

At ang mga dayuhang nasyonal na magiging Mid-Long-Term Resident sa pagtanggap ng Permanent Residence Permit ay mangyaring magbigay-alam ng inyong tinitirahan sa munisipalidad sa inyong lugar matapos mabigayan ng Permanent Residence Permit.